BRITISH COLUMBIA HealthLinkBC

Tagalog - Number 15a
May 2022

# Tetano, Dipterya, Pertussis, Polyo (Tdap-IPV) na Bakuna

## Tetanus, Diphtheria, Pertussis, Polio (Tdap-IPV) Vaccine

**Panatilihing ligtas ang iyong anak.**
**Kunin ang lahat ng bakuna sa tamang oras.**

Sa pagkuha ng lahat ng bakuna sa tamang oras, ang iyong anak ay mapoprotektahan mula sa maraming sakit sa buong buhay.

Ang pagbabakuna ay nagligtas ng maraming buhay sa Canada sa huling 50 mga taon kaysa sa anumang iba pang hakbang sa kalusugan.

### Ano ang bakunang Tdap-IPV?

Ang bakunang Tdap-IPV ay nagpoprotekta laban sa 4 na mga sakit:

- Tetano
- Dipterya
- Pertussis (mahalak na ubo [whooping cough])
- Polyo

Ang bakuna ay inaprubahan ng Health Canada at ibinibigay nang libre bilang bahagi ng karaniwang pagbabakuna ng iyong anak.Tawagan ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan upang gumawa ng tipanan.

### Sino ang dapat makakuha ng bakunang Tdap-IPV?

Ang bakuna ay ibinibigay bilang isang dosis sa mga bata sa 4 hanggang 6 na taong gulang. Ito ay isang pampalakas na dosis para sa mga bata na nabakunahan laban sa tetano, dipterya, pertussis at polyo sa mas batang edad. Ang pampalakas na dosis ay nagpapatibay o nagpapalakas ng sistema laban sa sakit upang magbigay ng mas mahusay na proteksyon laban sa mga sakit na ito.

Ang bakuna ay ibinibigay din nang libre sa mga mas matatandang bata at mga matatanda na nangangailangan ng proteksyon laban sa tetano, dipterya, pertussis at polyo.

Para sa karagdagang impormasyon tingnan ang sumusunod na mga Salansan ng HealthLinkBC:

- HealthLinkBC File #105 Bakuna sa Dipterya, Tetano, Pertussis, Hepatitis B, Polyo, at *Haemophilus Influenzae* Type b (DTaP-HB-IPV-Hib)
- HealthLinkBC File #15b Bakuna sa Dipterya, Tetano, Pertussis, Polyo, *Haemophilus influenzae* Type b (DTaP-IPV-Hib)

Mahalagang panatilihin ang isang talaan ng lahat ng natanggap na mga pagbabakuna.

### Ano ang mga benepisyo ng bakunang Tdap-IPV?

Ang bakunang Tdap-IPV ay ang pinakamahusay na paraan upang maprotektahan laban sa dipterya, tetano, pertussis, at polyo, na malubha at kung minsan ay nakamamatay na mga sakit.

Kapag pinabakunahan mo ang iyong anak, nakakatulong ka ring protektahan ang iba.

### Ano ang mga posibleng reaksyon pagkatapos ng bakuna?

Ang mga bakuna ay napakaligtas. Mas ligtas na magpabakuna kaysa makakuha ng isa sa mga sakit.

Maaaring kabilang sa mga karaniwang reaksyon sa bakuna ang pananakit, pamumula at pamamaga kung saan ibinigay ang bakuna. Maaaring mangyari din ang lagnat, panginginig, sakit ng ulo at pagkapagod. Ang mga reaksyon na ito ay banayad at sa pangkalahatan ay tumatagal ng 1 hanggang 2 araw. Maaaring naroroon ang mga malalaking lugar ng pamumula at pamamaga ngunit ang mga ito sa pangkalahatan ay hindi nakakasagabal sa normal na aktibidad.

Ang Acetaminophen (hal. Tylenol®) o ibuprofen (hal. Advil®) ay maaaring inumin para sa lagnat o sakit. Ang ASA (hal. Aspirin®) ay hindi dapat ibigay sa sinumang wala pang 18 taong gulang dahil sa panganib ng Reye Sindrom.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Reye Sindrom, tingnan ang HealthLinkBC File #84 Reye Syndrome.

Mahalagang manatili sa klinika ng 15 minuto pagkatapos makakuha ng anumang bakuna dahil may napakabihirang posibilidad, na mas mababa sa 1 sa isang milyon, ng isang nagbabanta-sa-buhay na reaksiyong alerhiya na tinatawag na anaphylaxis. Maaaring kasama dito ang mga pantal, kahirapan sa paghinga, o pamamaga ng lalamunan, dila o mga labi. Kung mangyari ang reaksyong ito, nakahanda ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na gamutin ito. Kasama sa paggamot sa emerhensiya ang pangangasiwa ng epinephrine (adrenaline) at paglipat sa pinakamalapit na departamento ng

emerhensiya sa pamamagitan ng ambulansya. Kung magkaroon ng mga sintomas pagkatapos mong umalis sa klinika, tumawag sa **9-1-1** o sa numero ng iyong lokal na emerhensiya.

Mahalaga na palaging iulat ang seryoso o hindi inaasahang mga reaksyon sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

## Sino ang hindi dapat makakuha ng bakunang Tdap-IPV?

Makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan kung ikaw o ang iyong anak ay nagkaroon ng isang nagbabanta-sa-buhay na reaksyon sa isang nakaraang dosis ng bakunang tetano, dipterya, pertussis o polyo, o anumang bahagi ng bakuna, kabilang ang neomycin, polymyxin B, o streptomycin. Ang bakuna ay hindi ibinibigay sa mga batang wala pang 4 na taong gulang.

Ang mga taong nagkaroon ng Guillain-Barré Syndrome (GBS) sa loob ng 8 linggo ng pagkuha ng bakuna sa tetano, nang walang ibang dahilan na natukoy, ay hindi dapat kumuha ng bakunang Tdap-IPV.

Ang GBS ay isang bihirang kondisyon na maaaring magresulta sa panghihina at paralisis ng mga kalamnan ng katawan. Ito ay kadalasang nangyayari pagkatapos ng mga impeksyon, ngunit sa mga bihirang kaso ay maaari ding mangyari pagkatapos ng ilang mga bakuna.

Hindi na kailangang ipagpaliban ang pagpapabakuna dahil sa sipon o iba pang banayad na sakit. Gayunpaman, kung mayroon kang mga alalahanin, makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

## Ano ang tetano, dipterya, Pertussis, at polyo?

Ang **Tetano**, na kilala rin bilang lockjaw (paninigas ng panga), ay sanhi ng bakterya na kadalasang matatagpuan sa lupa. Kapag ang bakterya ay pumasok sa balat sa pamamagitan ng isang hiwa o pagkamot, sila ay gumagawa ng isang lason na maaaring magdulot ng masakit na paninikip ng mga kalamnan sa buong katawan. Napakaseryoso kung maapektuhan ang mga kalamnan sa paghinga. Hanggang 1 sa 5 na tao na nagkakaroon ng tetano ay maaaring mamatay.

Ang **dipterya** ay isang malubhang impeksyon sa ilong at lalamunan na dulot ng dipteryang bakterya. Ang bakterya ay kumakalat sa hangin sa pamamagitan ng pagbahing o pag-ubo at sa pamamagitan ng direktang pagkakadikit ng balat sa balat. Ang sakit ay maaaring magresulta sa napakaseryosong mga problema sa paghinga. Maaari rin itong maging sanhi ng pagpalya ng puso at paralisis. Humigit-kumulang 1 sa 10 na tao na nagkakaroon ng dipterya ay maaaring mamatay.

Ang **pertussis**, na kilala rin bilang whooping cough (mahalak na ubo), ay isang malubhang impeksyon sa mga daanan ng hangin na dulot ng pertussis na bakterya. Ang bakterya ay madaling kumalat sa pamamagitan ng pag-ubo, pagbahing o malapit na pakikipag-ugnay nang harap-harapan. Ang pertussis ay maaaring magdulot ng pulmonya, mga sumpong, pinsala sa utak o kamatayan. Ang mga komplikasyon na ito ay madalas na nakikita sa mga sanggol. Ang pertussis ay maaaring magdulot ng matinding pag-ubo na kadalasang nagtatapos sa isang mahalak na ubo bago ang susunod na hininga. Ang ubo na ito ay maaaring tumagal ng ilang buwan at nangyayari nang mas madalas sa gabi. Humigit-kumulang 1 sa 170 na sanggol na nagkakaroon ng pertusis ay maaaring mamatay. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pertussis, tingnan ang HealthLinkBC File #15c Pertussis (Mahalak na Ubo).

Ang **polyo** ay isang sakit na dulot ng impeksyon na may virus. Habang ang karamihan sa mga impeksyon sa polyo ay hindi nagpapakita ng mga sintomas, ang mga iba ay maaaring magresulta sa paralisis ng mga braso o mga binti at maging kamatayan. Ang paralisis ay nangyayari sa humigit-kumulang 1 sa 200 na tao na nahawaan ng virus ng polyo. Maaaring kumalat ang polyo sa pamamagitan ng pagkontak sa pagtae (dumi) ng isang taong nahawahan. Ito ay maaaring mangyari sa pagkain o pag-inom ng tubig na kontaminado ng dumi.

Ang tetano, dipterya at polyo ay bihira na ngayon sa B.C. dahil sa mga regular na programa ng pagbabakuna sa pagkabata. Nangyayari pa rin ang mahalak na pag-ubo ngunit hindi gaanong karaniwan kaysa dati at mas banayad sa mga taong nabakunahan.

BRITISH COLUMBIA ImmunizeBC

BC Centre for Disease Control
Provincial Health Services Authority